



Administrasyon ng Pagkain at Gamot

PLANO SA PAG-ACCESS SA WIKA

2024



Plano sa Pag-access sa Wika ng FDA Memo Mula sa Komisyoner ng FDA

Hulyo 29, 2024

Ang pagkakaiba-iba ng ating bansa ay ipinapakita nang buo sa katotohanang halos 68 milyong Amerikano – humigit-kumulang isa sa lima – ay nagsasalita ng isang wika maliban sa Ingles sa bahay. Ito ay partikular na mahalaga para sa gawain na ginagawa ng Administrasyon ng Pagkain at Gamot ng U.S. (FDA o Ahensiya). Ang gawaing ito ay nangangailangan ng pangunahing responsibilidad na magbigay ng maaasahan at napapanahong impormasyon sa publiko, na kinabibilangan ng mga taong may Limitadong Katastasan sa Ingles (LEP) at mga taong may mga kapansanan, upang makagawa sila ng mga desisyong may sapat na kaalaman tungkol sa kanilang kalusugan. Ang responsibilidad na ito ay may kaugnayan sa misyon ng Ahensiya na protektahan ang kalusugan ng publiko at ito ay kritikal para sa pagtiyak na ang FDA ay nagbibigay ng impormasyon sa kalusugan at mga balita sa paraang pantay na naa-access ng publiko.

Ikinalulugod ng FDA na ilabas ang Plano sa Pag-access sa Wika ng 2024. Ang updated na planong ito ay alinsunod sa [U.S. Plano sa Pag-access sa Wika ng 2023 Departamento ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao, Ehekutibong Kautusan 13985](#) (“Sinusulung ang Pagkakapantay-pantay sa Lahi at Suporta para sa Mga Komunidad na Kulang ang Mga Serbisyo sa Pamamagitan ng Pederal na Pamahalaan”), seksiyon 504 at 508 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973, at ang [Plano ng Pagkilos para sa Pagkakapantay-pantay ng HHS](#). Ang plano ng FDA sa 2024 ay nagbibigay ng praktikal na gabay at mga hakbang sa pagkilos para sa Ahensiya at sa mga programa nito upang masiguro ang higit na access sa impormasyon at mga serbisyo nito.

Ang Programang Pag-access sa Wika, na pinamumunuan ng Tanggapan ng Kalusugan ng Minorya at Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan ng FDA, ay bahagi ng patuloy na pagsisikap ng Ahensiya na gawing maa-access ang impormasyon sa kalusugan at mga materyales sa mga populasyon ng LEP at mga taong may kapansanan.

Ang FDA ay higit na tumutuon sa pagsusulong ng pagkakapantay-pantay sa kabuuan ng gawaing siyentipiko nito. Kasama rito ang mga pagsisikap hindi lamang para mapataas ang pag-enroll ng mga minorya, kababaihan, at matatandang pasyente sa mga klinikal na pagsubok kundi para dalhin din ang boses ng mga populasyon na hindi gaanong kinakatawan sa mundo ng pagpapaunlad ng gamot at aparato. Ginagawa ng FDA ang lahat ng kanyang makakaya upang matiyak na ang pag-access sa wika ay isang kritikal na hakbang patungo sa pagkamit ng mga layuning ito.

Hinihikayat ko kayong suriin ang plano ng FDA at makibahagi sa mga pagsisikap na palawakin ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan sa mahalagang gawaing ginagawa ng Ahensiya upang protektahan at itaguyod ang pampublikong kalusugan.

Sumasainyo,

Robert M. Califf, M.D.
Commissioner of Food and Drugs

TALAHANAYAN NG MGA NILALAMAN

INTRODUKSIYON

Buod ng Plano sa Pag-acces sa Wika ng FDA

MGA ELEMENTO AT MGA HAKBANG SA PAGKILOS

[ELEMENTO 1: Pagtatasa: Mga Pangangailangan at Kapasidad](#)

[ELEMENTO 2: Mga Serbisyong Tulong sa Interpretasyon ng Wika](#)

[ELEMENTO 3: Mga Nakasulat na Pagsasalin](#)

[ELEMENTO 4: Mga Patakarán, Pamamaraan, at Kasanayan](#)

[ELEMENTO 5: Notipikasyon ng Pagkakaroon ng Tulong sa Wika nang Walang Gastos](#)

[ELEMENTO 6: Pagsasanay sa Kawani](#)

[ELEMENTO 7: Pagtatasa at Pananagutan: Pag-access, Kalidad, Mga Dulugan, Pag-uulat](#)

[ELEMENTO 8: Mga Konsultasyon sa Mga Partner sa Pangangalagang Pangkalusugan at Mga Serbisyong](#)

[Pantao](#)

[ELEMENTO 9: Digital na Impormasyon](#)

[ELEMENTO 10: Katiyakan sa Gawad at Pagsunod ng Mga Tatanggap ng Pagpopondo ng HHS](#)

[APPENDIX A: Mga Kahulugan](#)

[APPENDIX B: Mga Kaugnay na Dulugan sa Pag-access sa Wika](#)

INTRODUKSIYON:

Noong Nobyembre 2023, inilabas ng U.S. Department of Health and Human Services (HHS) ang kanilang updated na Plano sa Pag-access sa Wika, sinasamahan ang mga ahensiya sa buong pederal na pamahalaan sa pagbibigay-prioridad sa pantay na komunikasyon ng mga serbisyong magagamit ng publiko. Inaatasan din ng plano ng HHS ang Administrasyon ng Pagkain at Gamot (FDA) at iba pang ahensiya ng HHS na bumuo ng isang plano sa pag-access sa wika na partikular sa ahensiya na nagpapatupad ng 10 elemento na itinatag sa planong HHS.

Sinusuportahan ng Plano sa Pag-access sa Wika ng FDA ang planong HHS at isang update sa Plano sa Pag-access sa Wika ng FDA na inilabas noong 2013. Dagdag pa rito, ang plano ay in-update upang makatulong na matiyak na ang ahensiya ay nagbibigay ng makabuluhang access para sa mga indibiduwal na may limitadong katastasan sa Ingles (LEP) sa mga programa at aktibidad na pinangangasiwaan at pinondohan ng HHS alinsunod sa Pamagat VI at Seksiyon 1557, Mga Ehekutibong Kautusang 13166, 13985, 13995, 14031, at 14091, at ang Plano sa Pagkilos para sa Pagkakapantay-pantay ng HHS, na [na-update noong 2023](#).

Bukod pa rito, ang Seksiyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ay nag-aatas sa mga pederal na ahensiya na gumawa ng naaangkop na mga hakbang upang matiyak na ito ay nagbibigay sa mga indibiduwal na may kapansanan ng pantay na pagkakataon na lumahok sa, at magkaroon ng access sa, mga benepisyo at serbisyo ng programa. Kasama sa mga probisyon ang mga epektibong format ng komunikasyon na naa-access ng mga indibiduwal na may mga kapansanan sa komunikasyon, tulad ng mga kapansanan sa paningin o pandinig.

Sinusuportahan din ng Plano sa Pag-access sa Wika ng FDA ang pangkalahatang layunin ng HHS na tugunan ang mga hadlang sa pantay na pagkakataon na maaaring harapin ng mga komunidad na kulang sa serbisyo at tinitiyak ang access sa napapanahong, de-kalidad na mga serbisyo sa tulong sa wika (LAS) para sa mga taong may LEP.

Noong inanunsyo ng FDA ang unang Plano sa Pag-access sa Wika ng ahensiya noong 2013, ang bilang ng mga tao sa U.S. na nagsasalita ng isang wika maliban sa Ingles sa bahay ay humigit-kumulang 61.8 milyon. Sa pagsapit ng 2019, ayon sa U.S. Census, tumaas ang bilang na iyon sa 68.7 milyong tao o humigit-kumulang 1 sa bawat 5 tao na naninirahan sa U.S.

Sa Seksiyon 1138, [*Paqtitiyak ng Pag-access sa Sapat na Impormasyon sa Mga Produktong Medikal para sa Lahat na May Espesyal na Paqtuon sa Mga Kulang sa Representasyon na Subpopulation, Kasama ang Mga Subgroup ng Lahi*](#), ng Batas sa Kaligtasan at Inobasyon ng Administrasyon ng Pagkain at Gamot ng 2012, napagpasyahan ng FDA na “una sa mga hamon sa pakikipag-ugnayan sa mga subpopulation na kulang sa representasyon at mga subgroup ng lahi ay mga isyung nauugnay sa limitadong katastasan sa Ingles, literasiya sa kalusugan, at ang pangangailangan para sa naka-target na outreach sa mga mamimili, pasyente, at practitioner ng pangangalagang pangkalusugan.”

Responsable ang FDA sa pagprotekta sa kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pagtiyak sa kaligtasan, pagiging epektibo, at seguridad ng mga gamot ng tao at beterinaryo, mga produktong biyolohikal, at mga kagamitang medikal; at sa pamamagitan ng pagtiyak sa kaligtasan ng supply ng

pagkain, mga kosmetiko, at mga produkto ng ating bansa na naglalabas ng radiation. May pananagutan din ang FDA sa pagkontrol ng pagmamanupaktura, marketing, at pamamahagi ng mga produktong tabako upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko at mabawasan ang paggamit ng tabako ng mga menor de edad. Sa responsibilidad na ito, dinagdagan ng FDA ang dami ng impormasyong ibinibigay ng ahensiya sa maraming wika sa pamamagitan ng paghahatid ng mga de-kalidad na pagsasalin sa pamamagitan ng nakasulat, elektroniko, at iba pang channel ng komunikasyon upang makatulong na matiyak na ang impormasyon ng FDA ay umaabot sa mga target na komunidad na may LEP.

BUOD NG PLANO SA PAG-ACCESS SA WIKA NG FDA:

Kasabay ng paglabas ng unang Plano sa Pag-access sa Wika ng FDA noong 2013, itinatag ng FDA ang Steering Committee sa Pag-access sa Wika ng FDA (LASC). Ang LASC, na pinamumunuan ng Tanggapan ng Kalusugan ng Minorya at Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan (OMHHE) ng FDA, ay kinabibilangan ng mga kinatawan mula sa mga sentro at opisina ng FDA at tumulong sa paggabay sa mga pagsisikap ng ahensiya sa pag-access sa wika sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang madla ng FDA, kabilang ang mga mamimili, pasyente, propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, propesyonal sa beteryaryo, industriya, at iba pa.

Itinatala ng planong ito ang kurso para sa FDA na patuloy na palakasin at palawakin ang mga pagsisikap nito sa pag-access sa wika upang isulong ang misyon ng FDA at ang pangako ng ahensiya na magbigay ng mga makatwirang akomodasyon at makabuluhang pag-access sa mga indibiduwal na may mga kapansanan at mga taong may LEP.

Patuloy na pakikinabangan ng Plano sa Pag-access sa Wika ng 2024 ng FDA ang LASC na pinamumunuan ng OMHHE para isulong ang 10 elementong binalangkas ng HHS sa Plano sa Pag-access sa Wika ng 2023 nito.

Ang mga elemento, tulad ng nakalista sa Plano sa Pag-access ng Wika ng HHS ay:

1. Pagtatasa ng mga Pangangailangan at Kapasidad
2. Mga Serbisyong Tulong sa Interpretasyon ng Wika
3. Mga Nakasulat na Pagsasalin
4. Mga Patakaran, Pamamaraan, at Kasanayan
5. Notipikasyon ng Pagkakaroon ng Tulong sa Wika nang Walang Gastos
6. Pagsasanay sa Kawani
7. Pagtatasa at Pananagutan: Pag-access, Kalidad, Mga Dulugan, Pag-uulat
8. Mga Konsultasyon sa Mga Partner sa Pangangalagang Pangkalusugan at Mga Serbisyong Pantao
9. Digital na Impormasyon
10. Katiyakan sa Gawad at Pagsunod ng Mga Tatanggap ng Pagpopondo ng HHS

Elemento 1 – Pagtatasa: Mga Pangangailangan at Kapasidad

Regular na gagawa ang FDA ng mga hakbang upang masuri ang mga pangangailangan sa tulong sa wika ng mga kasalukuyan at potensiyal na pasyente at mamimili (mga kostumer) ng FDA upang ipaalam ang patakaran, proseso, at pagbabadyet na kinakailangan upang mapataas ang kamalayan at pagpapatupad ng mga serbisyong tulong sa wika na nagpapataas ng pag-access sa mga programa, aktibidad ng FDA, at serbisyo para sa mga populasyon ng LEP at mga taong may kapansanan.

Maaaring kabilang sa pagtatasang ito ang 1.) pagtukoy sa mga wikang hindi Ingles, kabilang ang American Sign Language (ASL) o iba pang sign language, na sinasalita ng populasyon na malamang na mag-a-access o kung hindi man ay nangangailangan at kuwalipikado para sa mga serbisyo ng ahensiya, at 2.) ang mga hadlang – kabilang ang mga hadlang sa dulugan – na pumipigil sa ahensiya sa pagbibigay ng epektibong interpretasyon at nakasulat na komunikasyon sa mga indibiduwal na may LEP at mga taong may kapansanan.

Mga Hakbang sa Pagkilos

1. Regular na lalahok ang FDA OMHHE sa kahit isa man lang na sesyon ng pakikinig na hindi pang-FDA, na hino-host ng isang partikular na ahensiya o HHS sa kabuuan, at/o mag-oorganisa ng isang sesyon ng pakikinig na partikular sa FDA upang malaman ang tungkol sa mga hamon at pagkakataon para sa pagpapabuti ng mga pagsisikap sa pag-access sa wika ng ahensiya, at kumonsulta sa mga eksperto sa paksa upang matukoy kung ang kasalukuyang programa ng pag-access sa wika ng ahensiya ay epektibo at sumusunod sa Seksiyon 1557, gayundin sa Plano sa Pag-access sa Wika na ito. Isasaalang-alang din ng ahensiya ang iba pang paraan ng pangangalap ng pampublikong input, kabilang ang mga survey o audit.
2. Regular na lalahok ang FDA OMHHE sa kahit man lang isang inter-at/o intra-agency na itinalagang grupo sa pag-access sa wika, gaya ng Steering Committee sa Pag-access sa Wika ng HHS, upang tukuyin ang mga pamamaraan para sa pagpapabuti ng kahusayan ng ahensiya sa pagbibigay ng mga serbisyong tulong sa wika, tulad ng pagkuha at pantay-pantay na pagsuporta sa mga kuwalipikadong bilingual at multilinggual na kawani, at kawani na bihasa sa ASL, upang magbigay ng direktang komunikasyong “nasa-wika” at tiyakin din ang pagkakaroon at epektibong paggamit ng mga serbisyo sa interpretasyon at pagsasalin ng kontrata.
3. Sa patuloy na batayan, ang FDA OMHHE at ang LASC ay magrerekomenda ng mga bago o binagong patakaran o kasanayan na nagtitiyak na ang mga serbisyong tulong sa wika ng ahensiya ay sapat upang matugunan ang mga pangangailangan ng kostumer at payuhan ang mga opisyal ng ahensiya sa pag-update ng Plano sa Pag-access sa Wika ng FDA kung kinakailangan.

Elemento 2 – Mga Serbisyong Tulong sa Interpretasyon ng Wika

Ang mga serbisyong interpretasyon ay mahalaga upang matiyak ang makabuluhang pag-access at patas na pagkakataon na ganap na makilahok sa mga serbisyo, aktibidad, programa, o iba pang benepisyong pinangangasiwaan o pinondohan ng FDA. Dapat tiyakin ng kawani na lahat ng interpreter na ginagamit nila ay kuwalipikadong magbigay ng serbisyo at maunawaan at ilapat ang etika ng interpreter at mga pangangailangan sa pagiging kumpidensyal ng kliyente. Gagawa ang FDA ng mga hakbang upang tukuyin ang mga hiniling na serbisyong tulong sa interpretasyon ng wika (hal., harapan, virtual [mga video/webinar], at/o pakikipag-ugnayan sa telepono), na tumutugon sa mga pangangailangang tinukoy sa Elemento 1. Ang kahulugan ng isang kuwalipikadong interpreter ay nasa Appendix A.

Ang tulong sa wika ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, kabilang ang mga kuwalipikadong bilingual at multilingual na kawani, at mga kuwalipikadong interpreter na nagbibigay ng personal, telephonic, remote voice, video, o anumang iba pang uri ng interpretasyon.

Tutugon ang FDA sa napapanahon at mabisang paraan sa mga taong may LEP at mga taong may kapansanan na nakikipag-ugnayan sa ahensiya na humihingi ng tulong o impormasyon.

Mga Hakbang sa Pagkilos:

1. Itinatag ng FDA OEA ang mga pamamaraan sa buong ahensiya para sa pagbibigay ng mga serbisyo ng pag-interpret sa isang napapanahong paraan sa pagitan ng mga taong may LEP at mga taong may kapansanan at FDA. Dapat tugunan ng mga pamamaraan ang iba't ibang paraan para sa pagbibigay ng mga epektibong serbisyo ng interpreter, kabilang ang remote voice at video.
2. Tutukuyin ng FDA ang mga punto ng kontak ng ahensiya (mga POC) na may pananagutan sa pagbuo at pangangasiwa ng programang pag-interpret gamit ang remote voice at video na nagtitiyak na alam ng mga indibiduwal na may LEP na ang FDA ay magbibigay ng mga serbisyo ng interpreter nang walang bayad at magbibigay ng gabay sa kung paano makakuha ng mga serbisyo ng interpreter ng ahensiya, kailanman magagamit. Dapat isaalang-alang ng mga naturang programa ang katotohanan na ang pagdami ng integrated voice prompt (IVP) system ay nagpahirap sa mga indibiduwal na may LEP na makadaan sa iba't ibang “phone tree” upang makaabot sa isang interpreter. Samakatuwid, dapat tuklasin ng FDA ang iba pang opsiyon para sa mga kostumer na ma-access nang mas direkta ang mga serbisyo ng wika.
3. Gagawa ang FDA ng mga hakbang, na may suporta mula sa LASC, upang bumuo ng isang istratehiya upang masuri ang pagkakaroon ng mga serbisyo ng telepono, programa ng pag-interpret gamit ang remote voice at video para sa mga pampublikong opisina at bumuo ng mga pamamaraan at mekanismo upang makatulong na matiyak na alam ng mga taong may LEP na ang FDA ay nagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter nang walang bayad at nagbibigay ng patnubay sa kung paano makakakuha ng mga serbisyo ng interpreter ng ahensiya, kailanman mayroon.
4. Bubuo ang FDA ng mga pamamaraan para sa pagsubaybay at pag-uulat ng bilang ng mga kahilingan para sa mga serbisyo ng interpretasyon, uri ng interpretasyon na hiniling, mga wikang hiniling, at oras ng pagtugon kung kailan ibinigay ang interpretasyon. Susuriin din ng FDA ang datos ng kahilingan kumpara sa datos ng census ng mga lugar na binibigyan ng serbisyo.

5. Bawat taon ng pananalapi, ang FDA ay dapat magsumite ng isang pangangatwiran sa badyet para sa pag-outreach upang dagdagan ang kamalayan ng mga magagamit na serbisyong interpretasyon.
6. Ang FDA OMHHE, na may suporta mula sa LASC, ay magpapanatili ng isang listahan ng mga kuwalipikadong bilingual, multilingual, at sign language na kawaning may kakayahang magbigay ng mga karampatang serbisyo ng interpretasyon.
7. Isasaalang-alang ng FDA na magtatag ng isang listahan ng lahat ng mga kontak at iba pang sangguniang magagamit sa mga tanggapan at sentro ng ahensiya na kuwalipikado sa pagbibigay ng on-site interpreting (OSI), over-the-phone interpreting (OPI), at video remote interpreting (VRI) na mga serbisyo sa mga taong may LEP at mga taong may kapansanan na nangangailangan ng interpretasyon ng sign language na naghahanap ng impormasyon sa o pag-access sa mga programa at aktibidad ng ahensiya.
8. Ang FDA ay bubuo ng pamantayan para sa pagtatasa ng bilingual na kawani o kawaning nag-iinterpret ng sign language para sa kanilang kakayahan na magbigay ng mga serbisyo ng interpretasyon at matiyak na ang mga naturang empleyado ay mabayaran nang naaangkop kung sila ay tatawagin upang magbigay ng mga serbisyo ng interpretasyon. Isasaalang-alang din ng FDA ang pagbuo ng pamantayan para sa pagbibigay ng mga puntos sa pagkuha ng mga desisyon para sa bi- at multi-lingual na mga kandidato sa pagtatrabaho. Ang malawak na pagdepende sa mga boluntaryong kawani bilang kapalit ng paggamit ng mga propesyonal na interpreter ay hindi hinihikayat.
9. Ang FDA OEA, sa pakikipagtulungan sa LASC, ay bubuo ng mekanismo para sa pagsubaybay at pagsusuri ng mga serbisyo ng interpretasyon.
10. Ang FDA ay magtatatag ng isang punto ng pakikipag-ugnayan para sa mga indibiduwal na LEP tulad ng isang opisyal na e-mail address, o numero ng telepono upang ma-access ang serbisyong ito at matiyak na ang impormasyong ito ay madaling makukuha ng publiko.
11. Ang Tanggapan ng Makatwirang Akomodasyon ng FDA ay patuloy na magsusulong ng mga pagsisikap upang matiyak na ang mga serbisyo ng interpretasyon ay naa-access ng mga taong may mga kapansanan, kabilang ang mga bingi o mahina ang pandinig o may iba pang kapansanan na nauugnay sa komunikasyon. Maaaring kabilang dito ang pagbibigay ng sign language interpreting, captioning, o karagdagang maa-access na suporta sa komunikasyon. Ang ilang halimbawa ng mga karaniwang visual na paraan ng komunikasyon ay matatagpuan sa sumusunod na pinagmulan: [Tungkol sa Negosyo ng ADA: Pakikipag-ugnayan sa Mga Taong Bingi o Nahihirapang Makarinig sa Mga Setting ng Ospital.](#)
12. Ang mga serbisyong ASL na Interpretasyon para sa mga taong may mga kapansanan ay maaaring hilingin sa pamamagitan ng [Tanggapan ng Mga Makatwirang Akomodasyon](#) ng FDA.

Elemento 3 – Mga Nakasulat na Pagsasalin

Magsisikap ang FDA na tukuyin, isalin, at gawing naa-access sa iba't ibang format, kabilang ang print, online, at elektronikong media, mahahalagang dokumento (tingnan ang Appendix A) kabilang ang mahalagang impormasyon ng mamimili/pasyente, sa isang naa-access na format, sa mga wika maliban sa Ingles alinsunod sa mga pagtatasa ng mga pangangailangan at kapasidad na isinagawa sa ilalim ng Elemento 1.

Para sa layunin ng Plano ng Pag-access sa Wika na ito, sa pinakamababa, ang paunawa ng mga karapatan sa walang diskriminasyon at pagkakaroon ng mga libreng serbisyo sa wika at anumang naaangkop na karagdagang serbisyo ay ibibigay sa nangungunang 15 wikang sinasalita ng mga taong may LEP.

Unahin ng FDA ang pagsasalin ng mahahalagang dokumento o iba pang kritikal na impormasyon sa kalusugan ng publiko (lalo na sa mga emerhensiyang pangkalusugan ng publiko) batay sa mga pagtatasa ng pangangailangan at kapasidad at bumuo ng mgaistratehiya sa pagsasalin na angkop sa medium para sa pamamahagi. Ang mga isinaling dokumento ay dapat na madaling maunawaan ng mga nilalayong madla at ibinigay sa isang napapanahong paraan, na naglalaan ng oras para sa interpretasyon. Ang mga usapin ng simpleng wika, komunikasyong pangkultura, at kaalaman sa kalusugan ay dapat isaalang-alang para sa lahat ng mga dokumento, kabilang ang kung kailan orihinal na binubuo ang dokumento sa Ingles.

Upang mapabuti ang mga pangkulturang komunikasyon at katumpakan ng mga pagsasalin, dapat gumamit ang FDA ng mga kuwalipikadong tagapagsalin at tagasuri na may mga sumusunod na kredensyal:

- Isang degree na ibinigay sa unibersidad o sertipiko sa pagsasalin sa kombinasyon ng wika at direksyon na kinakailangan.
- Sertipikasyon ng isang propesyonal na asosasyon o unyon sa pagsasalin, gaya ng American Translators Association (ATA) o iba pang grupo ng sertipikasyon ng pagsasalin sa kombinasyon ng wika at direksyon na kinakailangan, kung mayroon. Kapag ang sertipikasyon ay hindi magagamit sa isang partikular na kombinasyon ng wika at direksyon na kinakailangan (hal., Ingles papunta sa isang katutubong wika), ang iba pang minimum na kinakailangan ay maaaring gamitin upang masuri ang kuwalipikasyon, kabilang ang mga taon ng karanasan, mga sanggunian mula sa mga indibiduwal na kuwalipikadong magpatotoo sa kalidad ng kanilang trabaho, atbp.
- Kahit 3 taon man lang ng propesyonal na karanasan sa isang posisyon ng kawani o bilang isang full-time na freelancer na nakatuon sa pagsasalin, pagkumpleto ng trabaho sa kombinasyon ng wika at direksyon na kinakailangan.

Bilang karagdagan sa karanasang ito, ang tagasalin ay dapat magkaroon ng propesyonal na kadalubhasaan sa (mga) paksa na isasalin sa pamamagitan ng pagpapakita ng nauugnay na background sa edukasyon o propesyonal na karanasan sa mga paksang iyon.

Ang machine translation, iba pang artificial intelligence na aplikasyon, o software na idinisenyo upang i-convert ang nakasulat na teksto mula sa isang wika patungo sa isa pa ay hindi dapat gamitin nang

walang isang kuwalipikadong taong tagasalin na nagsusuri sa teksto bago ito umabot sa nilalayong madla.

Ang mga indibiduwal na may LEP at/o may ilang partikular na kapansanan sa komunikasyon na gustong ma-access ang mga serbisyo ng FDA ay maaaring hindi marunong magbasa at magsulat ng nakasulat na wikang ginagamit ng marami sa kanilang bansang pinagmulan, o maaaring walang nakasulat na anyo ng kanilang mga wika, kung saan hindi magiging epektibong paraan ng pakikipag-ugnayan sa kanila ang isinaling materyal. Maaaring naisin ng FDA na isaalang-alang ang pagsasalin kaugnay ng paningin, interpretasyon, o komunikasyong audio/video at dapat ding tanungin ang mga indibiduwal tungkol sa kanilang piniling paraan ng pagtanggap ng impormasyon na karaniwang magagamit sa nakasulat na anyo.

Mga Hakbang sa Pagkilos:

1. Bumuo ang OEA ng isang programa para sa mga tagggapan at sentro upang matiyak na ang mga indibiduwal na lumalahok o nagtatangkang lumahok sa mga programa at aktibidad na pinondohan o pinangangasiwaan ng FDA ay binibigyan ng nakasulat na mga serbisyong tulong sa wika alinsunod sa mga pangangailangan, kapasidad, pagtatasa ng ahensiya, at planong ito.
2. Ang FDA, sa pamamagitan ng LASC, ay tutukuyin ang pinakaangkop na mga materyales ng FDA para sa pagsasalin at tutukuyin ang mga kasanayan sa literasiya ng mga taong may LEP sa loob ng ilang partikular na komunidad, ang kanilang mga piniling wika, at ang dalas ng kanilang pakikipag-ugnayan sa ahensiya alinsunod sa mga pangangailangan, kapasidad, pagtatasa ng ahensiya, at ang planong ito.
3. Bawat taon ng pananalapi, ang FDA OMHHE, na may suporta mula sa LASC, ay magsusumite ng katwiran sa badyet para sa paggawa at pamamahagi ng mga isinalin na mahahalagang dokumento at iba pang kritikal na impormasyon sa kalusugan ng publiko.
4. Dapat suportahan ng LASC ang mga pagsisikap ng OEA sa pagtukoy at paglikha ng isang index na naglalarawan ng mga materyal na magagamit na sa mga wikang hindi Ingles, kabilang ang American Sign Language, at i-post ang index sa isang website na magagamit ng publiko. Susuportahan ng LASC ang OEA sa pagbabago ng index kung kinakailangan upang matiyak ang kalidad at simpleng wika at i-update ang index nang naaayon. Kapag kinakailangan, gagamit ang FDA ng isang kuwalipikadong third party upang suriin ang mga pagsasalin para sa katumpakan, pagiging madaling mabasa, kakayahang magamit, at kakayahang tumugon sa kultura.
5. Dapat tukuyin ng OEA ang mga kawani ng ahensiya na responsable sa pamamahala sa (mga) kontrata sa pagsasalin at interpretasyon at ibahagi ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga tagapamahala at kawani na nakikipag-ugnayan sa publiko.
6. Ang FDA OMHHE at FDA OEA, na may suporta mula sa LASC, ay bubuo ngistratehiya upang mag-alok ng mga isinalin na nakasulat na materyales sa iba pang format tulad ng audio, video na may mga subtitle, video na may sign language, infographics, atbp., para sa mga taong may limitadong literasiya o mga kapansanan sa komunikasyon, at para sa mga taong ang wika ay walang nakasulat na anyo.
7. Lahat ng online na isinalin na nilalaman ay dapat sumunod sa Seksiyon 508 ng Batas sa Rehabilitasyon at sundin ang mga kinakailangan ng [21st Century Integrated Digital Experience Act](#).

Elemento 4 – Mga Patakaran, Pamamaraan, at Kasanayan

Taon-taong susuriin ng FDA LASC at, kung kinakailangan, mag-a-update at magrerekomenda ng mga patakaran, pamamaraan, at mga kasanayan upang matiyak na ang mga kawani ng FDA ay nagsasagawa ng mga makatwirang hakbang para masigurong ang mga indibiduwal na may LEP at mga taong may mga kapansanan ay may makabuluhang access sa mahahalagang impormasyon sa kalusugan tungkol sa mga produktong kinokontrol ng FDA.

Ang FDA ay magtatatag at magpapanatili ng mga pamamaraan na idinisenyo upang ipatupad at pahusayin ang mga serbisyong tulong sa wika sa loob ng ahensiya. Dapat gamitin ng FDA ang mga resulta ng pagtatasa mula sa Elemento 1 upang bumuo ng mga patakaran, pamamaraan, at kasanayan na nagtataguyod ng access sa wika para sa mga indibiduwal na may LEP at mga taong may kapansanan.

Mga Hakbang sa Pagkilos

1. Ang FDA OMHHE ay lalahok sa kahit isa man lang na inter-at/o intra-agency na itinalagang grupo na nakatutok sa kahit bahagi man lang, sa pagtukoy at pagpapatupad ng mga mabisang kasanayan para sa pagpapabuti ng pag-access sa wika para sa mga taong may LEP.
2. Ang FDA OMHHE, sa pakikipag-ugnayan sa LASC, ay bubuo, susuriin at, kung kinakailangan, gagawa ng mga rekomendasyon upang i-update ang mga patakaran, pamamaraan at kasanayan para sa pagpapatupad upang matiyak na ang ahensiya ay nagsasagawa ng mga makatwirang hakbang upang mabigyan ang mga taong may LEP at mga kostumer na may mga kapansanan na nangangailangan ng mga karagdagang pantulong o serbisyo para sa epektibong komunikasyon ng mga programa at aktibidad na pinondohan o pinangangasiwaan ng FDA upang magkaroon ng makabuluhang access sa mahahalagang impormasyon sa kalusugan sa mga produktong kinokontrol ng FDA.
3. Susuportahan ng LASC ang pagsusuri ng mga dokumento upang matiyak na naaayon ang mga ito sa [Mga Pambansang Pamantayan para sa Mga Serbisyong Naaangkop sa Kultura at Wika \(CLAS\) sa Kalusugan at Pangangalagang Pangkalusugan](#).
4. Ang OMHHE, na may suporta mula sa LASC, ay magrerekomenda ng mga patakaran at pamamaraan sa Steering Committee sa Pag-access sa Wika ng HHS, na itinatampok ang mga maaaring maging mas epektibo o mahusay kung gagamitin sa batayan na para sa Departamento o sa buong pamahalaan. Isasama ng Steering Committee sa Pag-access sa Wika ang impormasyong ito sa taunang ulat ng progreso.
5. Ang OMHHE at ang LASC ay regular na mangongolekta at magbabahagi ng mga sukatan upang subaybayan ang pagpapatupad at pagiging epektibo ng Plano sa Pag-access sa Wika ng FDA. Maaaring kabilang dito ngunit hindi limitado sa: pagtukoy sa mga wikang pinakamadalas makatagpo ng mga kawani sa FDA na nagtatrabaho sa publiko, pagtukoy sa mas gustong paraan sa pakikipag-ugnayan sa FDA ng mga taong may LEP (ito man ay telephonic, personal, pakikipagsulatan, web-based, atbp.), pagsusuri sa mga aktibidad ng mga tanggapan na may kaugnayan sa pag-access sa wika, at pagpapanatili ng imbentaryo ng mga kawani na dumalo sa pagsasanay sa pag-access sa wika.

Elemento 5 – Notipikasyon ng Pagkakaroon ng Mga Serbisyong Tulong sa Wika na Walang Gastos

Magsasagawa ang FDA ng mga makatwirang hakbang upang matiyak ang makabuluhang pag-access sa kanilang mga programa at aktibidad, kabilang ang aktibong pagpapaalam sa mga indibiduwal na may LEP at mga taong may kapansanan, na mga kasalukuyan o potensiyal na kostumer (mga pasyente at mamimili) na mayroong tulong sa wika na magagamit nang walang bayad. Sa minimum, ang FDA ay dapat magbigay ng impormasyon tungkol sa mga karapatan sa walang diskriminasyon at ang pagkakaroon ng tulong sa wika at mga karagdagang tulong sa 15 pinakakaraniwang ginagamit na mga wika sa estado ayon sa pinakahuling nauugnay na datos mula sa Census Bureau ng U.S.

Mga Hakbang sa Pagkilos

1. Ang FDA OMHHE, na may suporta mula sa LASC, ay bubuo ngistratehiya para sa pag-abiso sa mga indibiduwal na may LEP at mga taong may kapansanan na nakikipag-ugnayan sa ahensiya o kinokontak ng ahensiya, na magagamit nila ang tulong sa wika nang walang bayad. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng mga serbisyo sa wika bilang bahagi ng mga unang naitalang opsiyon sa linya ng telepono ng FDA (1-888-463-6332).
2. Ang FDA OMHHE, na may suporta mula sa LASC, ay bubuo ng isang istrategie para sa pamamahagi at paggawa ng mga available na sanggunian, tulad ng *Patnubay sa mga Tatanggap ng Pederal na Tulong Pinansiyal Kaugnay ng Pamagat VI na Pagbabawal Laban sa Diskriminasyon sa Bansang Pinagmulan na Nakakaapekto sa Mga Taong May Limitadong Katastasan sa Ingles* (Patnubay ng HHS sa LEP) at Mga Pederal na Alituntunin sa Payak na Wika ng Departamento, nang direkta at sa pamamagitan ng internet sa lahat ng kasalukuyang tatanggap, tagapagbigay, kontratista, at vendor.
3. Ang FDA ay bubuo at malinaw na magpapakita ng wika na nag-aabiso sa mga nilalayong madla na ang tulong sa wika ay magagamit nang walang bayad at kung paano ito makukuha sa: mahahalagang dokumento, mga web page na kasalukuyang available lang sa Ingles o sa limitadong bilang ng wikang hindi Ingles, teknikal na tulong at mga materyales sa outreach, pati na rin ang iba pang dokumento.
4. Ang FDA OMHHE, na may suporta mula sa LASC, ay bubuo ng isang patuloy na istrategie para sa pagbibigay ng impormasyon at teknikal na tulong sa mga entidad na pinondohan ng FDA upang ipaalam sa kanila na ang mga serbisyong tulong sa wika ay dapat ibigay nang walang bayad sa mga nangangailangan ng naturang mga serbisyo, bilang pagsunod sa Titulo VI at Seksiyon 1557.
5. Ang FDA OMHHE, na may suporta mula sa LASC, ay magsusumite ng katwiran sa badyet para sa outreach upang magbigay kaalaman tungkol sa mga magagamit na serbisyong tulong sa wika.
6. Itatampok ng FDA ang pagkakaroon ng mga materyal na nakatuon sa mamimili sa payak na wika at mga wika maliban sa Ingles sa mga website ng Departamento at titiyakin na ipinapaalam ng mga naturang materyal sa mga indibiduwal na may LEP ang tungkol sa mga magagamit na serbisyong tulong sa wika.

Element 6 – Pagsasanay ng Kawani

Mag-aalok ang FDA ng pagsasanay sa empleyado kung kinakailangan upang madagdagan ang kamalayan sa mga pagsisikap ng FDA na suportahan ang pag-access sa wika. Susuportahan ng inaalok na pagsasanay ang kapasidad at kakayahan ng mga empleyado ng FDA na epektibong makipag-ugnayan sa mga indibiduwal na may LEP at mga taong may kapansanan at magbigay ng kaalaman tungkol sa kahalagahan ng epektibong pakikipag-ugnayan sa mga naturang indibiduwal sa mga programa ng FDA at mga aktibidad sa outreach.

Maaaring kasama sa pagsasanay ng kawani ang mga sumusunod na bahagi:

- a. Ang mga legal na obligasyon ng Departamento at ahensiya na magbigay ng mga serbisyong tulong sa wika.
- b. Mga sanggunian sa pag-access sa wika ng Departamento at ahensiya at mga itinalagang lugar ng pakikipag-ugnayan.
- c. Pagtukoy sa mga pangangailangan sa wika ng mga indibiduwal na may LEP at mga taong may kapansanan.
- d. Makipagtulungan sa isang interpreter nang personal o sa telepono.
- e. Paghiling ng mga dokumento para sa pagsasalin.
- f. Pag-access at pagbibigay ng mga serbisyong tulong sa wika sa pamamagitan ng mga empleyadong multilingual, in-house na interpreter at tagasalin, o nakakontratang tauhan.
- g. Mga tungkulin ng propesyonal na responsibilidad kaugnay ng mga indibiduwal na may LEP.
- h. Mga etika ng interpreter.
- i. Pagsubaybay sa paggamit ng mga serbisyong tulong sa wika.
- j. Mga tip sa pagbibigay ng mga makabuluhang serbisyong tulong sa wika sa mga indibiduwal na may LEP.
- k. Paano humiling ng mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon.
- l. Paano maaaring humiling ang publiko ng mga serbisyong tulong sa wika o maghain ng reklamo.

Ang online na pagsasanay ay available sa lahat ng empleyado sa regular na batayan.

Mga Hakbang sa Pagkilos

1. Ang FDA OMHHE, na may suporta mula sa LASC, ay makikipagtulungan sa mga tanggapan ng pamamahala at komunikasyon ng ahensiya upang ipaalam sa mga empleyado na ang FDA ay nagbibigay ng mga serbisyong tulong sa wika at upang ipaliwanag kung paano makakapagbigay ang mga empleyado ng naturang tulong, kabilang ang kung paano makipag-ugnayan sa tanggapan o opisyal na responsable para sa pagtiyak ng pagkakaroon ng mga serbisyong tulong sa wika. Ipapaalam din ng FDA OMHHE sa mga empleyado ang Plano sa Pag-access sa Wika ng FDA.
2. Ang FDA OMHHE, na may suporta mula sa LASC, ay bubuo ng isangistratehiya sa pagpapalaganap ng mga materyales sa pagsasanay, bago man o dati nang umiiral, na tumutulong sa pamunuan at kawani sa pagkuha at pagbibigay ng makabuluhang komunikasyon para sa mga indibiduwal na may LEP.
3. Ang FDA OMHHE, na may suporta mula sa LASC, ay bubuo ng isang nakatuong internal webpage

na magsisilbing isang repositoryo ng mga sanggunian, mga pagkakataon sa pagsasanay na may kaugnayan sa mga serbisyo ng tulong sa wika.

4. Ang FDA OMHHE, na may suporta mula sa LASC, ay regular na susubaybay sa pagiging epektibo ng mga pagsasanay sa tulong sa wika at sasangguni sa mga eksperto sa paksa upang gumawa ng mga rekomendasyon kung saan ang mga pagsasanay ng FDA ay dapat makuha ng mga kawani.

Elemento 7 – Pagtatasa at Pananagutan: Pag-access, Kalidad, Mga Dulugan, Pag-uulat

Ang FDA OMMHE, na may suporta mula sa LASC, ay regular na susubaybayan at taon-taon tatasahin ang mga serbisyong tulong sa wika na available sa mga indibiduwal na may LEP at mga taong may kapansanan, magpapanatili ng isang tumpak na talaan ng mga serbisyong tulong sa wika na ibinibigay ng ahensiya, magdokumento ng mga sangguniang pampinansiyal at pangkawani na nakatuon sa pagbibigay ng tulong sa wika, at taunang iuulat ang progresong nagawa upang ganap na maipatupad ang Plano sa Pag-access sa Wika ng HHS sa 2023.

Maaaring kabilang sa pagtatasa ang bisa, kalidad, at pagkakaroon ng mga serbisyo sa pag-access sa wika ng FDA, kabilang ang oras ng paghihintay ng kostumer; kalidad ng mga nakasulat na pagsasalin at paggamit ng interpretasyon ng naaangkop na mga channel ng komunikasyon; mga hadlang sa pagbibigay ng mga serbisyo; at pangkalahatang kasiyahan ng kostumer.

Mga Hakbang sa Pagkilos:

1. Ang FDA OMMHE at FDA OEA, sa pakikipag-ugnayan sa LASC, ay regular na susubaybay at taon-taon na magtatasa ng mga nauugnay na kasanayan at pamamaraan, na nakatuon sa progresong ginawa ng FDA upang mapabuti at matiyak ang kalidad at katumpakan ng mga serbisyo sa tulong sa wika na ibinibigay sa mga indibiduwal na may LEP at mga taong may kapansanan , habang tinutugunan din ang mga paghamon.
2. Ang FDA OMMHE, sa pakikipag-ugnayan sa LASC, ay magsisikap na magpatupad ng mga pamamaraan para sa pagsukat ng mga pagpapabuti sa pag-access sa wika sa mga indibiduwal na programa at aktibidad at gagawa ng mga hakbang upang matiyak na ang naturang impormasyon ay kinokolekta sa paraang nagpapahusay sa paghahambing, katumpakan, pagkakaraparepareho sa mga programa at aktibidad at isinasaalang-alang ang gabay na ibinigay ng Steering Committee sa Pag-access sa Wika ng HHS.
3. Ang FDA OMMHE, sa pakikipag-ugnayan sa LASC, ay taunang mag-uulat sa Steering Committee sa Pag-access sa Wika ng HHS tungkol sa progreso ng ahensiya sa pagpapatupad ng bawat elemento ng planong ito, mga epektibong kasanayan, at mga hadlang sa pagpapabuti ng mga serbisyo sa pag-access sa wika, alinsunod sa mga timeline sa pag-uulat ng Steering Committee sa Pag-access sa Wika ng HHS.
4. Ang FDA OMMHE, na may suporta mula sa LASC, ay tutugon sa mga reklamong natanggap tungkol sa mga serbisyong tulong sa wika, sa isang napapanahong paraan at pananatilihin ang isang talaan ng paglutas ng mga naturang reklamo.

Elemento 8 – Mga Konsultasyon sa Mga Partner sa Pangangalagang Pangkalusugan at Mga Serbisyong Pantao

Ang Kawani sa Pakikipag-ugnayan ng FDA OEA Stakeholder/Pasyente, na suportado ng OMHHE, ay magsasagawa ng matinding pag-uusap sa mga partner sa pangangalagang pangkalusugan at serbisyong pantao, mga mamimili, at pasyente alinsunod dito at sa iba pang pederal na patakarán, upang matukoy ang mga pangangailangan sa pag-access sa wika ng mga indibiduwal na may LEP at mga taong may kapansanan, magpatupad ng naaangkop na mga istrategiya sa pag-access sa wika upang matiyak na ang mga indibiduwal na may LEP at mga taong may kapansanan ay may makabuluhang access alinsunod sa mga pagtatasa ng pangangailangan ng kostumer at kapasidad ng ahensiya, at suriin ang progreso sa isang patuloy na batayan. Ang impormasyong nakuha mula sa mga partner sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong pantao, kabilang ang mga mamimili at pasyente, ay maaaring napakahalaga para sa FDA upang sapat na masuri ang mga pangangailangan, kapasidad, at pagiging maa-access sa ilalim ng Elemento 1 at 7 ng planong ito. Ang mga partner sa pangangalagang pangkalusugan at serbisyong pantao, mga mamimili, at pasyente ay maaaring magbigay sa FDA ng husay at paunang datos sa pangangailangan para sa mga serbisyo sa pag-access sa wika.

Mga Hakbang sa Pagkilos

1. Ang Tanggapan ng Mga Panlabas na Usapin ng FDA, na suportado ng OMHHE, ay ang magiging responsable para sa pagtukoy at pagbuo ng mga pagkakataon upang isama ang mga partner sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong pantao (pati na rin ang mga mamimili at pasyente) sa pagbuo ng mga patakarán at kasanayan na nagpapahusay ng pag-access sa mga programa at aktibidad ng ahensiya para sa mga taong may LEP at mga taong may kapansanan.
2. Magpaplano at magsasaayos ang FDA OMHHE ng mga pag-uusap sa mga partner sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong pantao (kabilang ang mga mamimili at pasyente) upang masuri ang kasapatan, pagiging naa-access, katumpakan, pagiging angkop sa kultura, at pangkalahatang kalidad ng mga serbisyo sa pag-access sa wika ng FDA.
3. Ibabahagi ng FDA OMHHE ang Mga Plano sa Pag-access sa Wika ng HHS at FDA at mga sanggunian sa mgapartner sa pangangalagang pangkalusugan at serbisyong pantao, mga mamimili, at pasyente, sa isang maa-access na paraan at hihingin ang kanilang feedback. Isama ang input ng stakeholder sa pangangalagang pangkalusugan sa Plano sa Pag-access sa Wika ng FDA, kung naaangkop at naaayon sa planong ito.
4. Ang FDA OMHHE ay taon-taong lalahok sa kahit isang sesyon man lang ng pakikinig, kung hino-host ng isang partikular na ahensiya o HHS sa kabuuan, upang matutunan ang tungkol sa mga paraan upang mapabuti ang programa sa pag-access sa wika ng ahensiya. Ang mga sesyon ng pakikinig na ito ay maaaring magresulta sa mga kongkretong hakbang sa pagkilos na gagawin ng FDA.
5. Ipo-post ng FDA OMHHE ang Plano sa Pag-access sa Wika ng FDA at mga sanggunian sa website ng FDA sa mga naa-access na format, at sa maraming wika, pati na rin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para makatanggap ng mga tanong at komento. Kung saan posible, dapat

ibahagi ng FDA sa mga partner sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong pantao ang kaugnay na datos at impormasyon na may kinalaman sa pag-access sa wika.

Elemento 9 – Digital na Impormasyon

Ang OEA Web Council, na may suporta ng FDA LASC, ay bubuo at magpapatupad ng mga partikular na nakasulat na patakaran at mga istrategikong pamamaraan upang matiyak na ang digital na impormasyon ay naaangkop, magagamit, at madaling ma-access ng mga taong may LEP na nangangailangan ng mga serbisyong tulong sa wika sa mga wikang maliban sa Ingles, alinsunod sa mga pagtatasa ng mga pangangailangan ng populasyon ng LEP, mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan, at kapasidad ng ahensiya.

Paglalarawan:

Upang makatulong na matiyak na ang mga indibiduwal na may LEP ay may digital/online na access sa nasa wikang impormasyon at mga serbisyo ng programa at upang makatulong na matiyak na alam nila at maaaring makakuha ng tulong sa wika na kailangan sa pag-access ng mahalagang impormasyon at mga serbisyo ng programa, ang FDA OEA, na may suporta ng Web Council ng FDA at LASC, ay ang magiging responsable para sa pagtatatag at pagpapanatili ng isang imprastruktura na naaayon sa 21st Century Integrated Digital Experience Act (IDEA) upang epektibong ipamahagi ang nasa wikang impormasyon online sa paraang nagtataguyod ng makabuluhang pag-access para sa mga indibiduwal na may LEP. Dagdag pa rito, ang FDA OEA, na may suporta ng LASC, ay regular na susubaybayan ang bisa, kalidad, pagiging madaling mabasa, at pagiging maa-access ng mga isinalin na materyal sa website ng FDA.

Hinihikayat ang mga tagapamahala ng web ng sentro ng FDA na makipagtulungan sa kanilang panloob na kawani para sa web content at mga kinatawan ng LASC upang pana-panahong suriin at subaybayan ang isinalin na digital content upang mapabuti ang makabuluhang pag-access para sa mga taong may LEP. Ang FDA ay magpapanatili ng na-update na imbentaryo ng mga isinalin na web page, PDF, at multimedia asset (mga graphic, video, larawan, atbp.).

Patuloy na susunod ang FDA sa Seksiyon 508 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973 (Seksiyon 508), na inaatasan ang mga pederal na ahensiya na tiyaking ang kanilang teknolohiya sa impormasyon at komunikasyon, kabilang ang mga website, elektronikong dokumento, at software application, ay naa-access ng mga indibiduwal na may kapansanan. Ang mga bahagi ay dapat makipagtulungan sa mga tagapamahala ng programa ng Seksiyon 508 at/o sa team/tagapamahala ng web ng FDA upang matiyak na ang isinalin na digital content ay nakakatugon sa mga kinakailangan ng Seksiyon 508.

Bukod pa sa mga kinakailangan ng Seksiyon 508, ang Seksiyon 504 ay nag-aatas na ang HHS/FDA ay gumawa ng mga hakbang upang matiyak ang epektibong komunikasyon sa mga taong may kapansanan, kabilang ang mga indibiduwal na may LEP, pagbibigay ng naaangkop na mga karagdagang tulong, paglalapat ng mga prinsipyo ng simpleng wika, at pag-aalok ng mga serbisyo tulad ng mga interpreter ng sign language. Halimbawa, sa mga virtual na pagpupulong, maaaring kailanganin ng FDA na magkaroon ng isang interpreter ng sign language o live na pag-caption at ang platform ng virtual na pagpupulong ay dapat kayang magkaroon ng screen para sa isang interpreter ng sign language na makikita ng taong may kapansanan sa pandinig. Hinihikayat din ang mga kawani ng FDA na magbigay ng napapanahong impormasyon, tulad ng mga deadline o makabuluhang pagbabago sa patakaran, sa pamamagitan ng mga video sa sign language o pag-caption.

Mga Hakbang sa Pagkilos:

1. Ang Web Council ng FDA ay may pananagutan at may kakayahang magtatag at magpanatili ng isang imprastruktura na naaayon sa 21st Century Integrated Digital Experience Act (IDEA) upang epektibong maipamahagi ang nasa wikang impormasyon online sa paraang nagtataguyod ng makabuluhang access para sa mga indibiduwal na may LEP, at regular na susubaybayan ang pagiging epektibo, kalidad, pagiging madaling mabasa, at pagiging maa-access ng mga isinalin na materyal.
2. Ang website ng FDA ay dapat na prominenteng magpakita ng mga link at/o mga simbolo sa kanang sulok sa itaas ng wikang Ingles na website ng ahensiya na nagsasaad na ang mga magagamit na wika sa partikular na page o dokumentong iyon ay available din sa mga wikang hindi lang Ingles, kabilang ang ASL.
3. Ang website ng FDA ay dapat na prominenteng magpakita ng mga link sa wikang Ingles na homepage ng ahensiya na mabisang nagdadala sa mga bisita sa mga serbisyo ng interpreter sa telepono sa wika ng bisita.
4. Dapat abisuhan ng FDA ang mga bisitang may LEP sa mga webpage ng FDA na ang tulong sa wika ay magagamit nang walang bayad na naaayon sa mga hakbang sa pagkilos na nakabalangkas sa Elemento 5, kabilang ang multilingual na teknikal na suporta at mga alternatibo para sa mga indibiduwal na hindi makapag-navigate sa mga digital na espasyo.
5. Ang FDA OEA at iba pang itinalagang opisyal ay dapat magbigay ng serbisyo sa kahit isang inter-at/o intra-agency na itinalagang grupo na nakatutok sa bahagi kung saan ginagawang mas madaling ma-access sa maraming wika ng mga taong may LEP at mga taong may kapansanan ang mga website ng pamahalaan sa pamamagitan ng iba't ibang format ng multimedia.
6. Dapat gamitin at i-promote ng FDA ang mga sanggunian sa www.lep.gov/TGL sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga link sa LEP.gov website sa mga webpage ng ahensiya at programa.
7. Ang FDA OEA, sa pakikipagtulungan ng Web Council ng FDA, ay dapat bumuo ng mga pamamaraan para sa paggawa, pag-post, at pag-update ng multilingual na web content, mga digital na materyales, at mga post sa social media na naa-access ng lahat ng madla.
8. Dapat gamitin ng FDA ang social media, pagpapakalat ng email, at/o mga serbisyo ng text message upang mapataas ang kamalayan at paggamit ng mga programa ng ahensiya, aktibidad, serbisyo ng tulong sa wika, at mga produkto na makukuha sa mga wikang hindi Ingles ng mga indibiduwal na may LEP at mga taong may kapansanan.
9. Dapat gamitin ng FDA ang mga digital na patakaran ng HHS at Mga Pamantayan sa Web Design ng U.S. para sa gabay sa patnubay at mga opsiyon sa multilingual na pagpapakita: <https://designsystem.digital.gov/components/language-selector/>.
10. Dapat magsagawa ang FDA ng usability test sa mga bisitang may LEP bawat dalawang (2) taon upang mangolekta ng datos (kabilang ang intersectional at hindi magkakasamang demograpikong datos), tukuyin ang mga tampok, at mga bahagi na maaaring kailangang tugunan upang mapabuti ang pag-access at pag-navigate ng mga webpage, produkto, o serbisyo online. Pamahalaan ang mga inaasahan ng mga bisita sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang din sa pinakamahuhusay na kagawian para sa URL at pangkalahatang paggana ng site. Kung nagpapakita o nagtatampok ng mga form, isaalang-alang kung ano ang magiging karanasan para sa user na nagki-click sa mga call-to-action na button at ang kanilang pag-navigate sa digital ecosystem. Tiyaking katanggap-tanggap ang maraming apelyido, maikling pangalan, at/o dyakritiko ng mga field na ginawa. Regular na susubaybayan ng Web Council ng FDA at FDA OEA ang bisa, kalidad, pagiging madaling mabasa, at pagiging maa-access ng mga isinalin na materyal na ibinigay online upang isulong ang kadalian ng paggamit at pag-access. Regular na isaalang-alang at suriin ang mga pag-unlad sa teknolohiya tulad ng artificial intelligence, kabilang ang machine learning, upang mapabilis ang pagsasalin habang gumagawa ng pagsusuri ang mga

kuwalipikadong tagapagsalin at editor.

11. Ang FDA, sa tulong ng Web Council ng FDA, ay dapat gumawa ng mga hakbang upang bumuo ng mga pamantayan sa pagsisikap at regular na suriin sa pamamagitan ng datos (kabilang ang intersectional at hindi magkakasamang datos), analytics, feedback ng user, at mga mekanismo ng feedback ng kostumer gaya ng mga survey kaugnay sa kasiyahan ng kostumer (nasa wika) upang masuri ang pagiging kapaki-pakinabang ng impormasyon para matukoy at matugunan ang mga agwat at ituon ang mga sanggunian sa napakahalagang online na impormasyon at mga serbisyo.
12. Dapat magsikap ang FDA na bumuo at magpanatili ng listahan ng content na nasa wikang ibinigay sa mga webpage o hiwalay na website ng ahensiya.
13. Para sa mga virtual na pagpupulong, ang FDA ay dapat gumawa ng mga hakbang upang matiyak na mayroong closed captioning ang platform na ginagamit at na-enable ng host ang captioning function. Bilang pinakamahasay na kagawian, dapat isaalang-alang ng FDA ang paggamit ng mga serbisyong real time na pagsasalin tulad ng Communication Access Realtime Translation (CART) upang matiyak ang mas tumpak na closed captioning.
14. Para sa mga virtual na pagpupulong, dapat gumawa ang FDA ng mga hakbang upang matiyak na magagawang i-highlight ng mga kalahok ang screen ng isa pang kalahok at panatilihin ang pokus sa screen na iyon upang matuon ang pansin ng mga gumagamit ng sign language sa interpreter ng sign language, kahit na hindi nagsasalita ang interpreter.
15. Bilang pinakamahasay na kasanayan para sa mga virtual na pagpupulong, dapat bigyan ng FDA ang mga dadalo ng opsiyon na humiling ng mga karagdagang tulong at serbisyo o mga makatwirang pagbabago sa imbitasyon sa pagpupulong upang maaaring lumahok ang mga taong may kapansanan. Sa pagsasagawa nito, karaniwang hahantong ito sa mga kahilingan para sa closed captioning at/o ASL interpreter. Maaaring kailangan ayon sa imbitasyon na isagawa ang anumang kahilingan para sa mga karagdagang tulong at serbisyo o mga makatwirang pagbabago bago lumipas ang isang partikular na petsa bago ang pagpupulong upang bigyan ng sapat na oras ang nag-organisa ng pagpupulong na matugunan ang kahilingan.

Elemento 10 – Katiyakan at Pagsunod kaugnay sa Gawad ng Mga Tatanggap ng Pagpopondo ng HHS

Ang mga tatanggap ng pederal na pondo ay dapat sumunod sa mga pederal na batas sa karapatang sibil at lahat ng regulasyong nauugnay sa mga serbisyo sa pag-access sa wika, lalo na ang Titulo VI at Seksiyon 1557. Magtutulungan ang Tanggapan ng Mga Serbisyo sa Pagbili at Gawad ng FDA (OAGS) at LASC upang matiyak na kasama ang wika sa pagsunod sa mga anunsiyo ng gawad at ang kasalukuyan at potensiyal na tatanggap ng mga pondo ng ahensiya ay alam ang kanilang mga legal na obligasyon.

Mga Hakbang sa Pagkilos:

1. Ang FDA ay magtatalaga ng isang tanggapan o opisyal na responsable para sa pakikipagtulungan sa Assistant Secretary para sa Mga Pinansiyal na Dulugan (ASFR) o sa kaugnay na tanggapan ng badyet ng HHS para 1.) bumuo ng isang mekanismo para sa pagpopondo sa mga serbisyong tulong sa wika na ibinigay ng mga tatanggap ng mga pondo ng ahensiya; at 2.) magtakda ng isang makatwirang iskedyul para sa pagbibigay ng naturang pagpopondo depende sa dami ng tatanggap, populasyong bibigyan ng serbisyo, at kapasidad para sa pagsasaklaw sa mga gastos para sa mga serbisyong tulong sa wika sa pamamagitan ng mga dulugan na hindi pederal na pinondohan.
2. Ang OAGS, na may suporta mula sa OMHHE, ay bubuo ng isangistratehiya upang magbigay ng kaalaman sa mga entidad na pinondohan ng FDA tungkol sa mga kinakailangan ng Titulo VI at Seksiyon 1557.
3. Ang OAGS, na may suporta mula sa OMHHE, ay bubuo ng isangistratehiya na magbibigay ng kaalaman sa mga kawani ng ahensiya na nakikipag-ugnayan sa mga entidad na pinondohan ng FDA tungkol sa mga kinakailangan ng Titulo VI at Seksiyon 1557. Ang OAGS ay mag-aalok din ng mga sanggunian ng pagsasanay sa mga kawani ng ahensiya upang itaguyod ang pagbibigay ng kaalaman tungkol sa Patnubay sa LEP ng FDA.
4. Ang OAGS, na may suporta mula sa OMHHE, ay bubuo ng isangistratehiya upang magbigay at mag-promote ng mga link sa mga sanggunian at dokumento ng teknikal na tulong sa (mga) website ng programa ng ahensiyang gumagawa ng gawad.

APPENDIX A: Mga Kahulugan

Paalala: Anumang kaugnay na mga kahulugan na maaaring ma-isyu sa ilalim ng Seksiyon 1557 ay mag-aakma o papalitan ang malalawak na umiiral na kahulugang itinakda sa ibaba.

Terminolohiya ng Documento	Tinukoy ang Terminolohiya
Aplikante	Sinumang tao na nagtatanong tungkol sa o nagsumite ng aplikasyon para sa mga benepisyong ng pampublikong tulong sa ilalim ng anumang programa o serbisyo.
Mga Karagdagang Tulong at Serbisyo	Mga kasangkapan o tulong na ibinigay upang makipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan sa komunikasyon.
Benepisyaryo	Sinumang tao na nag-apply at tumatanggap ng Medicare, Medicaid, o iba pang benepisyong pangkalusugan.
Bilingual/Multilingual na Kawani	Isang miyembro ng kawani na may mas mataas na antas ng kasanayan (hal., kahusayan sa o mas mataas na antas kaysa sa Federal Interagency Language Roundtable (https://www.govtilr.org) level 3 sa pakikinig, pagbabasa, at pagsasalita o mas mataas na antas kaysa sa American Council on the Teaching of Foreign Languages “Superior” level sa pakikinig, pagbabasa, at pagsasalita)) sa Ingles at kahit isa pang ibang wika at may kaalaman at karanasan sa dalubhasang terminolohiya na kinakailangan para sa makabuluhang komunikasyon. Hindi dapat ituring na Bilingual/Multilingual na Kawani ang isang miyembro ng kawani na mayroon lang hindi pa ganap na pagiging pamilyar sa isang wika maliban sa Ingles. Ang Bilingual/Multilingual na Kawani ay hindi dapat mag-interpret o magsalin maliban kung hiwalay nilang natugunan ang mga kinakailangan ng pagiging isang kuwalipikadong interpreter o tagasalin. Ang Bilingual/Multilingual na Kawani ay bibigyan ng malinaw na mga tungkulin at inaasahan hinggil sa kung ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin sa trabaho sa wika o nagsisilbi bilang mga kuwalipikadong interpreter o tagapagsalin. Dapat may pagkakaiba sa pagitan ng Bilingual/Multilingual na Kawani na direktang nagbibigay ng mga serbisyo sa isang hindi Ingles na wika (hal., kawani ng call center) at sa mga nag-interpret, dahil ang pagtataasa at mga kasanayang kinakailangan para sa bawat isa ay naiiba.
Sertipiko	Isang akademikong pagkilala na nagpapakita ng matagumpay na pagkumpleto ng isang programa ng pag-aaral, karaniwang batay sa dami ng oras ng pagtuturo at isang pinakamababa na grado.
Sertipikasyon	Institusyonal na pagkilala na nagpapakita ng matagumpay na pagpasa sa isang pagsusulit na sumusubok sa kaalaman, kasanayan, at kakayahan na may kaugnayan sa isang trabaho.
Kontratista	Anumang entidad na may ginagampanang trabaho o nagbibigay ng mga serbisyo sa ngalan ng isang ahensiya o dibisyon sa ilalim ng isang kasunduang may kontrata na may kasamang pagbabalik ng nagastos
Kostumer	Mga indibiduwal, negosyo, at organisasyong nakikipag-ugnayan sa isang ahensiya o programa ng HHS. Ang terminong kostumer ay kasama ang mga benepisyaryo at mga partner sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong pantao.
Digital na Impormasyon	Ang impormasyon, gaya ng tinukoy sa OMB Circular A-130, na ginagawa at ibinibigay ng pamahalaan sa digital na paraan upang matulungan ang mga indibiduwal na ma-access ang mga programa at aktibidad na isinasagawa ng HHS kung saan sila ay indibiduwal na kuwalipikadong lumahok. Tinutukoy ng OMB Circular A-130 ang digital na impormasyon bilang anumang komunikasyon o representasyon ng kaalaman tulad ng mga katotohanan, datos, o opinyon sa

PLANO SA PAG-ACCESS SA WIKA NG FDA 2024

Terminolohiya ng Dokumento	Tinukoy ang Terminolohiya
	anumang medium o anyo, kabilang ang texto, numero, graphic, cartographic, narrative, o audiovisual na mga anyo.
Direktang "nasa wika" na komunikasyon	Monolingual na komunikasyon sa isang wika maliban sa Ingles sa pagitan ng isang multilingual na kawani at isang taong may LEP (hal., mula Koreano papuntang Koreano).
Hindi Magkakasamang Datos	Datos na naghihiwalay sa mga subgroup upang magbigay ng pinaka-naglalarawan at detalyadong impormasyon na posible; halimbawa, sa halip na gumamit ng datos tungkol sa “mga wikang Asyano” o “mga wikang Katutubong Amerikano,” ang hindi magkakasamang datos ay magsasaad kung aling mga partikular na wika ang ginagamit na salita ng isang indibiduwal o sa antas ng komunidad. Ang hindi magkakasamang datos ay maaari ding magsama ng impormasyon tungkol sa iba't ibang diyalekto, pati na rin ang mas partikular na impormasyon sa pinagmulang bansa.
Mabisang Komunikasyon	Para sa mga kapansanan sa komunikasyon, ito ay tumutukoy sa mga tulong at serbisyo upang matiyak na ang komunikasyon sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga taong bingi o mahina ang pandinig, ay kasing bisa ng komunikasyon tulad ng para sa mga taong walang kapansanan. Ang mga karagdagang tulong at serbisyo ay ibibigay kapag kinakailangan upang makamit ang epektibong komunikasyon.
Partner sa Pangangalagang Pangkalusugan at Mga Serbisyong Pantao	Mga benepisyaryo, kabilang ang mga tatanggap ng pederal na tulong pinansyal, kontratista, vendor, grupo ng adbokasiya, institusyong panrelihiyon, hindi pampamahalaang organisasyon, administrador ng ospital, tagaseguro sa kalusugan, tagasalin, interpreter, klinikang pangkalusugan sa komunidad, at kinatawan mula sa isang malawak na cross-section ng komunidad ng pag-access sa wika, indibiduwal na may kapansanan, atbp.
Interpretasyon	Ang ginagawang pakikinig, pag-unawa, pagsusuri, at pagproseso ng sinasalitang komunikasyon sa isang wika (pinagmulang wika) saka totoo at tumpak na pasalitang isaad ito sa isa pang sinasalitang wika (target na wika) habang pinapanatili ang parehong kahulugan. Para sa mga indibiduwal na may ilang partikular na kapansanang nakakaapekto sa komunikasyon, maaaring kabilang dito ang pag-unawa, pagsusuri, at pagproseso ng sinasalita o sign language sa pinagmulang wika at totoo at tumpak na paghahatid ng impormasyong iyon sa isang sinasalita o sign language na target na wika habang pinapanatili ang parehong kahulugan.
Intersectional na Datos	Ang datos na pinagsasama o kung hindi man ay kinabibilangan ng impormasyon tungkol sa higit sa isang demograpiko o iba pang katangian; halimbawa, ang intersectional na datos ay magsasama ng datos tungkol sa bansang pinagmulan at katayuan ng LEP, at/o datos tungkol sa mga babaeng Katutubong Amerikano (kaya pinag-aaralan ang datos tungkol sa intersection ng lahi at kasarian). Maaari rin itong magsama ng datos tungkol sa mga rate ng literasiya, rate ng kahirapan, katayuan sa pamilya, o iba pang katangian na nauugnay sa mga panlipunang pantukoy ng kalusugan.
Access sa Wika	Ang kakayahan ng mga indibiduwal na may LEP na makipag-ugnayan sa mga empleyado at kontratista ng HHS, at makabuluhang alamin, mag-apply, o lumahok sa mga programa, aktibidad, at serbisyo ng HHS.
Mga Serbisyong Tulong sa Wika	Lahat ng serbisyo binigkas, nakasulat, at sign language na kailangan para tulungan ang mga indibiduwal na may LEP at mga taong may kapansanan na mabisang makipag-ugnayan sa mga kawani at kontratista ng HHS at makakuha ng makabuluhang access at pantay na pagkakataong lumahok sa mga serbisyo, aktibidad, programa, o iba pang benepisyong pinangangasiwaan ng HHS.

PLANO SA PAG-ACCESS SA WIKA NG FDA 2024

Terminolohiya ng Dokumento	Tinukoy ang Terminolohiya
Limitadong Katastasan sa Ingles (LEP)	Isang indibiduwal na hindi nagsasalita ng Ingles bilang kanyang piniling wika at may limitadong kakayahang magbasa, magsulat, magsalita, o umunawa ng Ingles sa paraang nagpapahintulot sa kanya na makipag-ugnayan nang mabisa sa HHS at magkaroon ng makabuluhang access at lumahok sa mga serbisyo, aktibidad, programa, o iba pang benepisyong pinangangasiwaan ng HHS. Ang mga indibiduwal na may LEP ay mahusay sa Ingles para sa ilang uri ng komunikasyon (hal., pagsasalita o pag-unawa), ngunit may limitadong kasanayan sa Ingles sa ibang mga lugar (hal., pagbabasa o pagsusulat). Ang mga pagtatalaga ng LEP ay partikular din sa konteksto; ang isang indibiduwal ay maaaring magkaroon ng sapat na mga kasanayan sa wikang Ingles upang magampanan ang kanyang gawain sa isang sitwasyon (hal., nakikipag-usap sa Ingles sa mga katrabaho), ngunit ang mga kasanayang ito ay maaaring hindi sapat sa ibang sitwasyon (hal., pagtugon sa mga paglilitis sa korte). Ang isang indibiduwal na bingi o mahina ang pandinig ay maaari ding magkaroon ng limitadong kasanayan sa pasalita o nakasulat na Ingles.
Machine Translation	Awtomatikong pagsasalin na batay sa teksto at nagbibigay ng mga madaliang pagsasalin sa pagitan ng iba't ibang wika, kung minsan ay may opsiyon para sa audio input o output.
Makabuluhang Access	Tulong sa wika na nagreresulta sa tumpak, napapanahon, at epektibong komunikasyon nang walang bayad sa indibiduwal na may LEP na nangangailangan ng tulong. Ang makabuluhang pag-access ay tumutukoy sa pag-access na hindi gaanong pinaghihigpitan, naantala, o mas mababa kumpara sa mga programa o aktibidad na ibinibigay sa mga indibiduwal na matatas sa Ingles.
Kalahok	Sinumang tao na nag-apply at tumatanggap ng mga benepisyo o serbisyo ng pampublikong tulong sa ilalim ng anumang programa o serbisyo ng HHS.
Payak na wika	Ang payak na wika gaya ng tinukoy sa Batas sa Payak na Pagsusulat ng 2010 ay ang pagsulat na “malinaw, maigsi at naisayos nang mabuti.”
Piniling/Pangunahing Wika	Ang wikang tinutukoy ng mga indibiduwal na LEP bilang ang piniling wika na ginagamit nila upang mabisang makipag-ugnayan. Ang wikang tinutukoy ng mga indibiduwal na LEP bilang ang piniling wika na ginagamit nila upang mabisang makipag-ugnayan.
Kuwalipikadong Interpreter o Tagasalin	Isang bilingual/multilingual na taong may naaangkop na pagsasanay at karanasan o nagpakita ng kakayahang ganap na maunawaan, suriin, at iproseso saka totoo at tumpak na isaad nang pasalita, nakasulat, o sa sign language sa isang wika papunta sa pangalawang wika at sumusunod sa kodigo ng propesyonal na kasanayan at etika. Sa konteksto ng mga kapansanan, ang isang kuwalipikadong interpreter ay isang taong may kakayahang mag-interpret nang mabisa, tumpak, at walang kinikilingan, parehong tinatanggap at pinapahayag, gamit ang anumang kinakailangang espesyal na bokabularyo. Ang isang bata ay hindi dapat ituring na isang kuwalipikadong tagasalin o interpreter, o ang isang miyembro ng pamilya o empleyado na hindi nakakatugon sa mga minimum na kuwalipikasyon na tinukoy sa itaas.
Sight Translation	Ang pasalita o sign language na pagsasaad ng nakasulat na teksto at maging pasalita o sign language ng isang interpreter nang walang pagbabago sa kahulugan batay sa isang visual na pagsusuri ng orihinal na teksto o dokumento.
Mga Sign Language	Mga wikang ginagamit ng mga taong bingi o mahina ang pandinig kung saan ang mga galaw ng kamay, kumpas, at ekspresyon ng mukha ay naghahatid ng istruktura at kahulugang gramatika. Walang universal sign language. Iba't ibang sign language ang ginagamit sa iba't ibang bansa o rehiyon. Halimbawa, ang British Sign

PLANO SA PAG-ACCESS SA WIKA NG FDA 2024

Terminolohiya ng Dokumento	Tinukoy ang Terminolohiya
	Language (BSL) ay ibang wika sa American Sign Language (ASL), at maaaring hindi maintindihan ng mga Amerikanong nakakaalam ng ASL ang BSL.
Sub-recipient	Isang entidad na, sa ngalan ng at sa parehong paraan bilang isang tatanggap ng pederal na tulong pinansiyal, ay nagbibigay ng mga serbisyo sa at nakikipag-ugnayan sa mga aplikante sa at mga kalahok sa isang programang pinangangasiwaan ng isang tatanggap ng pederal na tulong pinansiyal, ngunit hindi kasama ang isang indibiduwal na aplikante o kalahok na benepisyaryo ng programa.
Tagline	Maikling mensahe na maaaring isama o ilakip sa isang dokumento. Ang mga tagline sa mga wika maliban sa Ingles ay ginagamit sa mga dokumento (kabilang ang mga website) na nakasulat sa Ingles na naglalarawan kung paano makakakuha ang mga indibiduwal na may LEP ng pagsasalin ng dokumento o isang interpreter para basahin o ipaliwanag ang dokumento. Ang Seksiyon 1557 at Titulo VI ang magtatakda ng mga wikang isasama sa mga naturang tagline na paunawa ngunit ang mga saklaw na entidad ay maaari ding magdagdag ng higit pang wika.
Pagsasalin	Ang proseso ng pag-convert ng nakasulat na teksto mula sa pinagmulang wika papunta sa isang katumbas na nakasulat na teksto sa isang target na wika nang buo at tumpak hangga't maaari habang pinapanatili ang istilo, tono, at layunin ng teksto, habang isinasalang-alang ang mga pagkakaiba ng kultura at diyalekto.
Mahalagang Dokumento	Papel o elektronikong nakasulat na materyal na naglalaman ng impormasyong mahalaga para sa pag-access sa mga programa o aktibidad ng isang bahagi o kinakailangan ng batas. Kasama sa mahahalagang dokumento ang, ngunit hindi limitado sa: mga mahalagang tala at abiso bilang bahagi ng paghahanda sa emerhensiya at mga komunikasyon sa panganib; mga aplikasyon sa online at papel; mga form ng pahintulot; mga form ng reklamo; mga liham o paunawa na nauukol sa pagiging kuwalipikado para sa mga benepisyo; mga liham o paunawang nauukol sa pagbabawas, pagtanggap, o pagwawakas ng mga serbisyo o benepisyo na nangangailangan ng tugon mula sa isang indibiduwal na may LEP; mga nakasulat na pagsusulit na sumusuri sa kakayahan para sa isang partikular na lisensya, trabaho, o kasanayan kung saan hindi kinakailangang alam ang Ingles; mga dokumento na ibibigay ng batas; at mga paunawa tungkol sa pagkakaroon ng mga serbisyong tulong sa wika para sa mga indibiduwal na may LEP nang walang bayad sa kanila.

APPENDIX B: Mga Kaugnay na Dulugan sa Pag-access sa Wika

- Samahan ng Mga Amerikanong Tagapagsalin: <https://www.atanet.org/>
- Komisyon ng Sertipikasyon para sa Mga Interpreter ng Pangaanglagang Pangkalusugan: <https://cchicertification.org/>
- Departamento ng Tanggapan ng Estado ng Mga Serbisyo sa Wika: <https://www.state.gov/frequently-asked-questions-office-of-language-services/>
- Pederal na Interagency na Itinalagang Grupo sa Limitadong Katastasan sa Ingles (LEP): www.lep.gov/TGL
- Mga Pederal na Patnubay sa Payak na Wika: <https://www.plainlanguage.gov/guidelines/>
- Access sa Wika ng FDA: <https://www.fda.gov/consumers/minority-health-and-health-equity/language-access>
- Pangkalusugang Literasiya Online: Isang Gabay sa Pagsulat at Pagdisenyo ng Mga Madaling Gamiting Web Site ng Kalusugan: https://health.gov/healthliteracyonline/2010/Web_Guide_Health_Lit_Online.pdf
- Limitadong Katastasan sa Ingles (LEP) ng HHS: <https://www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/special-topics/limited-english-proficiency/index.html>
- Interagency Language Roundtable: www.govtilr.org/
- Internasyonal na Organisasyon para sa Standardization: Pagsasalin, pag-interpret at kaugnay na teknolohiya (ISO/TC 37/SC 5) <https://www.iso.org/committee/654486.html>
- Pambansang Plano sa Pagkilos para Pabutihin ang Literasiya sa Kalusugan: <https://health.gov/our-work/national-health-initiatives/health-literacy/national-action-plan-improve-health-literacy>
- Pambansang Lupon ng Sertipikasyon para sa Mga Medikal na Interpreter: <https://www.certifiedmedicalinterpreters.org/>
- Pambansang Konseho sa Pag-interpret sa Pangangalagang Pangkalusugan: <https://ncihc.memberclicks.net/>
- Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil: Mga Dulugan sa Pag-access sa Wika: www.hhs.gov/lep
- Tanggapan ng Kalusugan ng Minorya: Mga Pambansang Pamantayan ng CLAS <https://thinkculturalhealth.hhs.gov/clas>